Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Region I
**SANGAY NG MGA PAARALANG PANLUNGSOD**
Lungsod ng Dagupan

---

**KALATAS PANSANGAY**
Blg. 443, s. 2017

RELEASED

Sa mga : **Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala**
**Hepe ng Curriculum Implementation Division**
**Tagamasid Pampurok**
**Punong-guro**
**Puno ng Kagawaran sa Filipino**
**Guro sa Filipino (Publiko at Pribadong Paaralan sa Sekundarya)**

Mula kay : **DR. LORNA G. BUGAYONG, CESO VI**
**Pansangay na Tagapamanihala**

Paksa : **PANSANGAY NA TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO**

Petsa : **Nobyembre 2, 2017**

---

1. Sa darating na Disyembre sa kasalukuyang taon ay gaganapin ang panrehiyong Festival of Talents. Kasama sa paligsahan sa Festival of Talents ay ang Tagisan ng Talento para sa mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Sekundarya.
2. Bilang paghahanda, magkakaroon ng Pansangay na Tagisan ng Talento sa Filipino na gaganapin sa darating na Nobyembre 28, 2017 sa Sentro ng Pansangay na Pagsasanay (Division Training Center), Lungsod ng Dagupan , alas 8:00 ng umaga.
3. Ang mga paligsahan sa Pansangay na Tagisan ng Talento ay ang mga sumusunod:
   a. DagliangTalumpati
   b. Interpretatibong Pagbasa
4. Hinihikayat ang lahat ng paaralang pampubliko at pampribado sa sekundarya na lumahok sa Tagisan ng Talento. Ang bawat kalahok ay may rehistrsyon sa halagang limampung piso (Php 50.00). Para sa anumang detalye makipag-ugnayan sa Tagamasid Pansangay sa Filipino, Dr. Gemma M. Erfelo.
5. Kalakip ng kalatas na ito ang panuntunan at pamantayan sa paligsahan at ang mga iba't ibang komite sa nasabing paligsahan.
6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Kalatas na ito.

Kalakip Blg. 1 para sa Pansangay na Memorandum Blg. ____ s. 2017

## KOMITE SA TAGISAN NG TALINO SA FILIPINO

**Programa at Imbitasyon**

| | |
|---|---|
| Tagapangulo : | Renato R. Santillan, Ed. D.<br>MT II, DCNHS |
| Pang. Tagapangulo: | Sheila D. Santillan<br>T - III, DCNHS |

**Pagtatala (Registration)**

| | |
|---|---|
| Tagapangulo: | Joy U. Ceralde<br>HT III, BBNHS |
| Pang. Tagapangulo: | Filemon C. Rivo, Ph. D.<br>MT I, BBNHS |

**Dokumenstasyon**

| | |
|---|---|
| Tagapangulo: | Hazel Z. Dolor<br>HT VI, DCNHS |
| Pang. Tagapangulo: | Herbert R. Perez<br>MT I, DCNHS |

**Stage Decoration**

| | |
|---|---|
| Tagapangulo: | Arnulfo M. Tirao, Ed. D.<br>MT II, DCNHS |
| Pang. Tagapangulo: | Jerald C. Pangan<br>T III, DCNHS |

**Sertpikasyon**

| | |
|---|---|
| Tagapangulo: | Myrna S. Peralta, Ed. D.<br>OIC Head Teacher, Filipino, JJDVSTVSS |
| Pang. Tagapangulo: | Rasaber Doctoliro<br>T III, JJDVSTVSS |

**Refreshments:**

| | |
|---|---|
| Tagapangulo: | Leonilda Gotos<br>TIC- SNHS |
| Pang. Tagapangulo: | Sheila De Vera<br>Teacher III, Carael NHS |
| Tagapag-ugnay: | Gemma M. Erfelo, Ed. D.<br>Tagamasid Pansangay Filipino |
| **Konsulatant** | Venus Maria SM. Estonilo, Ed. D.<br>Hepe, Tagapag-Implemeta ng Kurikulum |
| | Lourdes D. Servito, Ed. D.<br>Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala |
| | Dr. Lorna G. Bugayong, CESO VI<br>Pansangay na Tagapamanihala |

Kalakip Blg. 2 para sa Pansangay na Memorandum Blg. _____s. 2017

MGA PANUNTUNAN AT PAMANTAYAN SA PANSANGAY NA TAGISAN NG TALINO SA FILIPINO

Kategorya:

A. Dagliang Talumpati
B. Interpretatibong Pagbasa

A. Patnubay sa Paglahok
   1. Dagliang Talumpati
      A. Kalahok
         1. Bukas ang paligsahan sa mag-aaral na nasa Senior High School
      B. Panuntunan
         1. Ang paksa ay ibibigay sa takdang oras ng paligsahan
         2. Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlong minutong pagahhanda hinggil sa paksa at dalawa hanggang tatlong minute naman sa pagtatalumpati;
         3. May kabawasang puntos sa kabuong iskor na labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati

| | | |
|---|---|---|
| 1-30 segundo | - | .5 puntos |
| 31-60 segundo | - | 1 puntos |
| 61 segundo pataas | - | 2 puntos |

         4. Itataas ang bandilang dilaw bilang hudyat sa nalalabing tatlumpong Segundo sa bandilang pula na tapos na ang itinakdang oras.
         5. "Corporate attire" ang inaasahang kasuotan ng kalahok.
      C. Pamantayan

| | | |
|---|---|---|
| **Katapatan (35%)** | | |
| Kaugnayan | - | 20% |
| Pagbibigay diin o damdamin | - | 15% |
| **Hikayat (25%)** | | |
| Dating sa madla | - | 5% |
| Kakanyahang pantanghalan | - | 5% |
| Kilos, galaw, kumpas | - | 10% |
| Ekspresyon ng mukha | - | 5% |
| **Tinig (20%)** | | |
| Lakas | - | 5% |
| Taginting | - | 5% |
| Kaangkupan ng diwa at damdamin | | 10% |
| **Bigkas (20%)** | | |
| Matatas at maliwanag | - | 10% |
| Wastong pagbubukod ng salita | | 5% |
| Diin/himig | - | 5% |

2. Interpretatibong Pagbasa
(Pagbibigay Interpretasyon sa Wastong Pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang Pagbasa ng Tula)

A. Kalahok
1. Bukas ang paligsahan sa mag-aaral na nasa Junior High School na binubuo ng isang pangkat na may apat na kasapi mula Baitang 7, 8, 9 at 10.
2. Ang bawat pangkat na kalahok ay may gabay ng isang tagapayo/tagapagsanay.

B. Panuntunan
1. Ang piyesa ay ibibigay sa araw ng paligsahan.
2. Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay interpretasyon ng bawat kalahok.
3. Bibigyan ng sampung (10) minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng intepretasyon.
4. Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkasunod-sunod ng babasahing mga akda.
5. Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ang susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng sampung minuto; susundin ang paraang ito hanggang sa huling kalahok.
6. Lahat ng kalahok ay mamalagi sa isang malaking silid na hindi maririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin.
7. Dapat na ang interpretasyon ay nakaangkop sa genreng nakasulat sa piyesa.
8. Ang kasuotan ng mga kalahok at pantalong maong at putting t-shirt.
9. Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama na ang pagpasok at paglabas ng mga kalahok.
10. Walang anumang "props" o kagamitan, background music o instrument na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok.
11. Iikot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang adlib.

C. Pamantayan

| | | |
|---|---|---|
| **Katapatan – (40%)** | | |
| Pagpapalutang ng diwa | - | 20% |
| Pagbibigay-diin sa damdamin | - | 20% |
| **Hikayat – (20%)** | | |
| Pang-akit sa madla | - | 5% |
| Pagbibigay buhay sa tauhan | - | 5% |
| Tindig | - | 5% |
| Kumpas/Kilos | - | 5% |
| **Bigkas - (20%)** | | |
| Matatas at maliwanag | - | 10% |

| | |
|---|---|
| May pagbubuklod-buklod ng mga salita | 5% |
| May wastong diin at intonasyon | 5% |
| **Tinig – (20%)** | |
| Lakas | 5% |
| Taginting | 5% |
| Kaangkupan ng diwa at damdamin | 10% |

**Palala :**

- Mahigpit na ipinagbabawal sa mga kalahok ang pagdadala ng anumang electronic gadgets sa holding area at sa buong panahon ng pagtatanghal.
- Hindi rin pinahihintulutan ang mga tagapagsanay na pumasok/lumapit sa holding area.
- Iwasan ang pagbanggit ng pagkakakilanlan ng kalahok
- Ang paglabag ay magiging sahi ng diskwalipikasyon.

**KASUNDUAN : ANUMANG DESISYON NG INAMPALAN AY PINAL.**